# PAGPAPATABA NG ALIMANGO

**Panimula**

Ang alimango ay isa sa mga paboritong pagkain ng mga Pilipino. Bukod sa laman, masarap ding ulam at pampagana ang aligi (ripe eggs) nito.

Dahil malaki ang kita sa alimango, ang pag-aalaga nito ay isa nang umuunlad na industriya sa ating bansa.

**Mga Dapat Tandaan sa Pag-aalaga ng Alimango**

1. Kailangang laging may mapagkukunan ng alimango sa lugar na pagtatayuan ng proyekto.

2. Kailangang may sapat na alat-tubig na 10-20 ppt (part per)

**Pamamaraan**

a. Tiladin ang mga kawayan na may tig-iisang metro ang haba at isang pulgadang lapad.

b. Lalahin hanggang makabuo ng kahon na may isang talampakan ang taas at may 16 na partisyon.

**Paggawa ng Estruktura**

1. Ilagay sa hawla ang papatabaing alimango na may timbang na 150-200 gramo bawa't isa. Ilagay ang hawla sa ilog na naabot ng taog/taib (high tide) o sa palaisdaang may putik.

2. Bigyan ng trashfishes sa loob ng 15 araw sa daming 10-15 bahagdan ng timbang ng alimango (10-15% body weight).

3. Pag-aani

Hulihin, talian at ipagbili nang buhay.

**Prospektus sa Pag-aalaga ng Alimango**

| | |
|---|---|
| **1. Gastos sa Pagbuo** | **Halaga (P)** |
| 36 pirasong buong kawayan(P90.00/piraso | P 3,240.00 |
| 1.5 kilo nylon twinr No. 100 sa P140.00/kilo | 210.00 |
| bayad sa paggawa (pakyaw) | 1,500.00 |
| Kabuuan | 4,950.00 |
| **2. Puhunan sa Operasyon** | |
| 160 pirasong alimango sa P15.00/piraso | 2,400.00 |
| 35 kilo pakain (trash fish) sa P10.00/kilo | 350.00 |
| manggagawa (15 araw sa P25.00/araw | 375.00 |
| kaukulang halaga sa paggamit ng modules | 208.00 |
| di inaasahang gastos (10%) | 333.00 |
| Kabuuan | 3,666.00 |
| **3. Benta** | |
| 144 pinatabang alimango sa 4 piraso/kilo = 36 kilo sa | |

| | | |
|---|---|---|
| | P150.00/kilo | 5,400.00 |
| **4. Kita** | | |
| | Kabuuang kita | 5,400.00 |
| | Bawas: Gastos sa operasyon | 3,666.00 |
| **Netong kita** | | 1,734.00 |
| | Balik - Puhunan (%) = 35% | |
| | Tagal ng Balik-puhunan (taon) = 2.8 buwan | |